

Impeksyon sa Gitna ng Tainga sa mga Kindergarten

Ang impeksyon sa tainga ay karaniwan sa mga bata sa kindergarten. Ang likido sa gitna ng tainga ay maaring makasagabal sa normal na pandinig ng bata.

Mga karaniwang sintomas ng impeksyon sa gitna ng tainga:

- masakit o natutuyot ang tainga
- paghila ng tainga
- iba ang pagtugon sa mga salita at ingay
- pagpihit ng telebisyon at radio ng mas malakas kaysa dati
- pagbabago ng gawain sa pagkain at pagtulog
- mayamutin
- madalas magpaulit ng mga direksyon at impormasyon

**KUNG SA TINGIN NINYO AY MAY IMPEKSYON SA TAINGA ANG BATA
MAARI LAMANG NA KUMUNSULTA SA KANYANG DUKTOR.**

Kapag sinabi ng doktor na ang bata ay may impeksyon sa tainga, ang mga sumusunod ay makakatulong:

- kunin ang atensyon ng bata bago magbigay ng instruksyon; tingnan mo ang bata
- magsalita ng natural, medyo malakas kaysa normal
- lapitan (hindi hihigit sa 5 piye) at sikapin mong magharap kayo ng harapan
- panatilihin tahimik habang kinakausap ang bata (halimbawa: pahinaan ang tugtugin o musika)